(english edition: www. verbuhaymagasin.com)

VERBUHAY

GABAY SA BIBLE SHARING

IKATLONG LINGGO NG KUWARESMA (B) • MARSO 4, 2018

Maalab na Alay ng Buhay para sa Diyos



(*Pambungad na Panalangin*)

I. ANG TATLONG PAGBASA

UNANG PAGBASA (Ex 20:1-17)

NOONG mga araw na iyon,[1] sinabi ng Diyos: [2]"Ako ang Panginoon, ang inyong Diyos na naglabas sa inyo sa Egipto at humango sa inyo sa pagkaalipin.

[3]"Huwag kayong magkakaroon ng ibang diyos, maliban sa akin.

[4]"Huwag kayong magkakaroon ng diyus-diyusan o kaya'y larawan o rebulto ng anumang nilalang na nasa himpapawid, nasa lupa o nasa tubig. [5]Huwag kayong yuyukod o maglilingkod sa alinman sa mga diyus-diyusang iyan sapagkat akong Panginoon ay mapanibughuin. Parurusahan ko ang lahat ng aayaw sa akin pati ang kanilang mga anak hanggang ikaapat na salinlahi. [6]Ngunit ang lahat ng umiibig sa akin ay pagpapalain ko hanggang sa kanilang kaapu-apuhan.

[7]"Huwag ninyong babanggitin sa walang kabuluhan ang pangalang Panginoon sapagkat parurusahan ko ang sinumang bumanggit nito nang walang kabuluhan.

[8]"Italaga ninyo sa akin ang Araw ng Pamamahinga. [9]Anim na araw kayong gagawa ng inyong gawain. Ang ikapitong araw ay Araw ng Pamamahinga, at itatalaga ninyo sa akin. [10]Sa ikapitong araw, walang gagawa isa man sa inyo; kayo, ang inyong mga anak, mga katulong, ang inyong mga hayop o sinumang naninirahan sa inyong bayan. [11]Anim na araw na ginawa ko ang langit, ang lupa, ang mga dagat at ang lahat ng nasa mga ito; namahinga ako sa ikapitong araw. Itinangi ko ito at itinalaga para sa akin.

[12]"Igalang ninyo ang inyong ama't ina. Sa gayo'y mabubuhay kayo nang matagal sa lupaing ibinigay ko sa inyo.

[13]"Huwag kayong papatay.

14"Huwag kayong mangangalunya.
15"Huwag kayong magnanakaw.
16"Huwag kayong sasaksi sa di katotohanan laban sa inyong kapwa.
17"Huwag ninyong pag-iimbutan ang sambahayan ng inyong kapwa: ang kanyang asawa, mga alila, mga baka, asno o ang anumang pag-aari niya."

Tema: **Ang mga Utos ng Diyos**

PAGPAPALIWANAG

- Ang Unang Pagbasa ay tungkol sa sampung utos ng Diyos. Mas maraming mga utos ay makikita sa Torah. Ayon sa mga "rabbi", may anim na raan at labing tatlong (613) kautusan sa Torah.
- Ang tatlong pinakaunang utos ay tungkol sa Diyos (pababang direksyon).
- Ang pitong natitirang utos ay tungkol sa tao (pahalang na direksyon).
- Ang pababa at pahalang na direksyon ay katulad sa isang Krus. Dalawang bagay ang ibig sabihin nito. Una, ito ay isang preparasyon para sa mga Kristiyano na tanggapin ang Diyos na nakapako sa Krus. Pangalawa, ang pagiging isang mabuting Kristiyano ay patungo sa Krus na daan.
- Ang banal na utos ay ibinigay para maiayos ang buhay ng tao sa kasunduan sa Diyos.
- Ang banal na utos ay magtuturo sa atin kung paano makipag ugnayan sa Diyos at sa kapwa tao.
- Ang banal na utos ay mga alituntunin na dapat sundin para maisakatuparan ang kasunduan sa Diyos.
- Kung walang banal na utos, mawawalang saysay ang kasunduan sa Diyos. Walang makaka-alam kung paano kumilos bilang isang tao ang Diyos.
- Ang Hudaismo ay isang relihiyon na maraming kasanayan. Mga kasanayan na may pinaka-detalye para patunayan na sila ay mga tao ng Diyos.
- Ang tamang sagot sa utos ng Diyos ay ang pagsunod nito.
- Pagsunod sa salita ng Diyos ay isang simbulo ng pagsasangayon sa kasunduan sa Diyos.

PAGNINILAY

Pinanigan ng Diyos si Job. Hindi lahat na paghihirap ay dahil sa ating kasalanan.

SALMONG TUGUNAN (Slm 18)
PANGINOON, IYONG TAGLAY ANG SALITANG BUMUBUHAY.

IKALAWANG PAGBASA (1 Cor 1:22-25)

22Ang mga Judio'y humihingi ng kababalaghan bilang katunayan. Karunungan naman ang hinahanap ng mga Griego. 23Ngunit ang ipinangangaral nami'y si Kristong ipinako sa krus—isang katitisuran sa mga Judio at kahangalan para sa mga Hentil. 24Subalit sa mga tinawag ng Diyos, maging Judio at Griego, si Kristo ang kapangyarihan at karunungan ng Diyos. 25Sapagkat ang inaakala nilang kahangalan ng Diyos ay karunungang higit kaysa lahat ng karunungan ng tao, at ang inaakala namang kahinaan ng Diyos ay lakas na higit sa lahat ng kalakasan ng tao.

Tema: **Ang Kristong Nakapako sa Krus**

PAGPAPALIWANAG

- Hadlang sa mga Hudiyo
- Kahangalan sa Hentil
- Kapangyarihan ng Diyos/Karunugan ng Diyos para sa mga taong pinili (mga Kristiyanong nananampalataya).

PAGNINILAY

Sa mga Hudiyo at mga Hentil, ang mga binansagang Kristiyano ay naniwala sa turo na puro kahangalan , ngunit ito ang lakas ng Diyos at karunugan ng Diyos ani ng mga Kristiyano.

MABUTING BALITA (Jn 2:13-25)

13MALAPIT na ang Paskuwa ng mga Judio, kaya't pumunta si Hesus sa Jerusalem. 14Nakita niya sa templo ang mga nagbibili ng mga baka, mga tupa, at mga kalapati, at

mga namamalit ng salapi.15 Gumawa siya ng isang pang-hagupit na lubid at ipinagtabuyang palabas ang mga mangangalakal, pati mga baka at tupa. Isinabog niya ang salapi ng mga namamalit at pinagtataob ang kanilang mga hapag. 16Sinabi niya sa mga nagbibili ng kalapati, "Alisin ninyo rito ang mga iyan! Huwag ninyong gawing palengke ang bahay ng aking Ama!" 17Naalaala ng kanyang mga alagad na sinasabi sa Kasulatan, "Ang aking malasakit sa iyong bahay ay parang apoy na nag-aalab sa puso ko."

18Dahil dito'y tinanong siya ng mga Hudio, "Anong tanda ang maibibigay mo upang patunayang may karapatan kang gawin ito?" 19Tumugon si Hesus, "Gibain ninyo ang templong ito at muli kong itatayo sa loob ng tatlong araw." 20Sinabi ng mga Judio, "Apatnapu't anim na taon na ginawa ang templong ito, at itatayo mo sa loob lamang ng tatlong araw?"

21Ngunit ang templong tinutukoy ni Hesus ay ang kanyang katawan. 22Kaya't nang siya'y muling mabuhay, naalaala ng kanyang mga alagad na sinabi niya ito; at naniwala sila sa Kasulatan at sa mga sinabi ni Hesus.

23Nang pista ng Paskuwa, nasa Jerusalem si Hesus. Marami ang sumampalataya sa kanya nang makita nila ang mga kababalaghang ginawa niya. 24Subalit hindi nagtiwala sa kanila si Hesus, sapagkat kilala niya silang lahat. 25Hindi na kailangang may magsalita pa sa kanya tungkol sa kaninuman, sapagkat talastas niya ang kalooban ng lahat ng tao.

Tema: ***Paniniwala***

PAGPAPALIWANAG

- Ang paglilinis ng templo ay nasa umpisa ng ebangelyo ni Juan. Sa tatlong ebanghelyo, ito ay inilagay ito sa dulo ng ebanghelyo.
- Ang paglilinis ng templo ay ginawa sa konteksto ng Kapistahan ng Paskuwa ng mga Hudyo.
- Hindi sumasangayon si Hesus na gawing isang palengke ang templo. Nagalit siya. Kahalintulad ng Metro Manila Development Authority (MMDA) na nagsasagawa ng pag babaklas at pagsusuyod sa mga nagtitinda sa kalye. Sa pagpapaalis sa kanila ni Hesus, ito'y nagpapakita sa kanyang kapangyarihan (vv.14-16). (Huwag magkamali ng pakahulugan ng pagka marahas ni Hesus) .
- Sa pamamagitan nito, nagpanumbalik ang sigla ng Diyos.(v.17)
- Hinamon ng mga Judio na ipakita ni Hesus ang kanyang kapangyarihan sa pamamagitan ng isang himala (v.18). Hindi sila nadala sa ipinakita ni Hesus. Ito ay isinasaad sa pangalawang pagbasa (ang mga Hudyo ay humingi ng isang himala).
- Ang himala ni ibinigay ni Hesus ay hindi inaasahan (ito ay kabalintuan ng kanyang marahas na kamatayan at mapatagumpay na pagkabangon na muli) at mahirap ito maintindihan ng mga Hudyo. Ang mga disipulo ay hindi rin maintindihan ang himala ng Diyos hanggat hindi siya bumangon sa kamatayan).
- Dahil sa himala, marami ang naniwala kay Hesus.
- Kailangan ng mga tao ang himala para sila ay maniwala. Ngunit ang ayaw maniwala ay di mapapaniwala kahit mayroong himala. Ang mga Hudyo ay hindi naniwala kay Hesus kahit siya ay nabuhay na muli.
- Ang ating pananalig ay ang tamang pakikitagpo kay Hesus. Ang paniniwala ay isang pagkilala kay Hesus bilang isang totoong guro ng relihiyon. Siya ang tunay na daan patungo sa Ama.

II. PAG-UUGNAY

Ang Unang Pagbasa ay naglalahad ng mga utos ng Diyos. Ang Ikalawang Pagbasa ay nagsasalamin ng isang tugon sa Utos ng Diyos: pagbibigay buhay para sa kapwa.

Ang Mabuting Balita ay tungkol sa paniniwalang ang Pulong ng Diyos ay makapangyarihan. Maging buhay ito sa buhay ni Hesus na mag-alay ng kanyang buhay ngunit sa ikatlong araw ay mabuhay nang muli!

III. SALAMIN NG BUHAY

Paano mo isinasabuhay ang Utos ng Panginoon sa araw-araw na pamumuhay?

(*Pangwakas na Panalangin*)

VERBUHAY (Filipino Edition) DONORS AT BENEFACTORS:

QUIRINO AT SIONY RAMOS
ISA REYES
MARLA GLORIA

TAOS-PUSONG PASASALAMAT MULA SA:

ST PAULS

ROMAN MISSAL NA ENGLISH AT FILIPINO



BAGO....BAGO...BAGO....

PAMBUNGAD NA PANALANGIN

Kristo, aming Panginoon, Ikaw ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay. Itulot mong makamit namin ang Iyong dakilang pag-ibig sa pamamagitan ng iyong Apostol na si San Pablo at ng Simbahang Katolika. Ipadala Mo sa amin ang Iyong Banal na Espiritu upang maalaala namin ang lahat na Iyong mga ipinangangaral.

Luwalhati sa Ama, sa Anak at sa Espiritu Santo. Kapara ng sa una, ngayon at magpakailanman at magpasawalang hanggan. Amen.

Kung nais po ninyong makatulong sa ating Biblical Apostolate, maari pong magdonate ng legal size na bond paper sa:

STPAULS Ads and Promo Office c/o **Rizaldy Cruz**
7708 ST PAUL Road, San Antonio Village, Makati City
Tels: 895-37-16; 890-7130

PANGWAKAS NA PANALANGIN

O Hesus na Dakilang Guro, ikaw ang Salita ng Buhay na walang hanggan. Sumasampalataya kami sa 'yo Panginoon at Katotohanan. Palaguin Mo nawa ang aming pananampalataya. Iniibig ka namin, Panginoon at Daan, nang buo naming lakas dahil iniutos mo sa ami'ng sundin ang Iyong mga Kautusan nang walang pasubali. Nananalangin kami sa Iyo, O Panginoon at Buhay, sinasamba Ka namin, pinupuri Ka namin, at pinapasalamatan dahil sa kaloob mong Banal na Kasulatan. Kasama si Maria, maaalala sana namin at mapangangalagaan ang Iyong mga Salita sa aming kaisipan at mapagninilaynilayan ang mga ito sa aming puso.

Panginoong Hesus, ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay, Maawa Ka sa amin.
Luwalhati...

(*mula sa Prayers of the Pauline Family*)